

Kristiyanong Ministryo ni Tony Alamo

Pahayagang Pandaigdig

BAGONG HERUSALEM

Mga Simbahan Sa Buong Mundo

Pastor Tony Alamo

Bilang 06000

Malawi

Mahal kong Pastor Tony Alamo,

Pagbati sa iyo, ibayong pagpapala at kapayapaan ang sumaiyo sa pamamagitan ng Diyos na ating Ama, at sa pamamagitan ni Jesucristo na ating Panginoon. Gaanong kalaki ang pag-ibig sa atin ng Ama na tinatawag Niya tayong mga anak (1 Juan 3:1). Pastor, nais kitang pasalamat sa mga babasahin na ipinapadala mo sa akin. Pagpalain ka nawa ng Diyos ng ating Panginoon Jesus nang masagana sa pamamagitan ng Kanyang kayamanan. Kami ng aking maybahay na si Temwa ay abala sa pamamahagi ng mga babasahin at ng pahayagan. Nagbukas ako ng maliit na tanggapan, at maraming mga tao ang dumarating upang makakuha

(Sundan sa pahina 2)

Ang sumusunod ay ang ika-24 sa serye ng mga halaw mula sa aklat ni Pastor Alamo, *Ang Mesias*, na ipagpapatuloy sa bawat limbag hanggang ang halaw ay kumpletong mailathala sa pahayagan.

**Ang Pinakadakilang Himala
na Nailathala:
ang Tala ng**

Ang Mesias

Sang-ayon sa Hula ng Biblia

**“SIYA ang tinutukoy ng mga propeta”
(Gawa 10:43).**

**“Nasusulat sa Kasulatan tungkol sa Akin”
(Awit 40:7, Hebreo 10:7).**

(B) Pagpapatuloy ng Isaia 53

**(9) Ang mga IPINAMPALIT NA
PAGPAPAKASAKIT ng Mesias, (Isaia 53:4-6, 8, 10-12):**

“Tunay na Kanyang dinala ang ATING mga karamdaman, at dinala ang ATING mga kapanglawan...Siya’y nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, Siya’y nabugbog

(Sundan sa pahina 4)



Pastor Tony Alamo—kuha noong 1986

Mga Tuyong Kalansay

ni
Tony Alamo

Si Ezekiel, ang propeta ng Lumang Tipan, ay pinadalhan ng Diyos ng isang pangitain. Nakakita siya ng isang lambak ng mga tuyong kalansay, na naglalarawan ng kawalang buhay sa espiritu ng mga tao sa Israel at ng mundo. Ang pangitain ay nagpahayag kay Ezekiel ng unang pagdating ni Jesus, ang Kanyang pagtuturo ng ebanghelyo, at ang kahihinatnan nito, ang unang pagkabuhay na mag-uli mula sa espirituwal na kamatayan tungo sa buhay na walang hanggan para sa lahat ng nananalig sa “Mga Salita ni Yahweh [Diyos].”¹

Tinanong ng Diyos si Ezekiel, “Tao, palagay mo ba ay maaari pang mabuhay ang mga kalansay na ito?” (Maaari pa bang mabuhay ang mga nakaranas ng espirituwal na kamatayan?) Sumagot si Ezekiel, “Kayo po lamang ang nakaaalam, Yahweh.”² Nangusap ulit ang Diyos sa propeta at sinabing, “Magpahayag ka sa mga kalansay na ito. Sabihin mo: Mga tuyong kalansay, dinggin ninyo ang salita ni Yahweh. Ito ang ipinasasabi Niya: Bibigyan ko kayo ng hininga at kayo’y mabubuhay.”³

Batid ng Israel na wala na sila sa pagkalinga ng Diyos bilang isang bansa.⁴ Hanggang

1. Ezek. 36:1, 4 2. Ezek. 37:3, Hebreo 3. Ezek. 37:4-5, Aramaic 4. Ezek. 37:11

(Sundan sa pahina 2)

Ghana

Mahal na Pastor,

Ipinapaabot ko sa iyo ang mga pagbati mula sa Ghana. Sabik na sabik ako na ibalita sa iyo na sa wakas ay tinanggap ko si Jesucristo bilang aking personal na Tagapagligtas at ngayon ay nananalig ako na Siya’y pumarito at namatay sa krus, pagkaraan na mabasa ang iyong babasahing may pamagat, *Ang Mesias*. Dati, ako’y nasa sa sanlibutan na hindi nakikilala ang Diyos, hindi ko rin alam ang tungkol sa Kanyang Anak, ang Mesias, subalit pagkaraan na basahin ang iyong babasahin, alam ko na ngayon na ako ay naligaw subalit ngayon ay nasumpungan, nasa dilim ako, subalit ang Panginoong

Diyos ay dinala ako sa liwanag. Isa na ako ngayong Kristiyano na ipinanganak na muli, at isang anak ng buhay na Diyos. Sa kasalukuyan, wala akong Bibliya, at kung maaari, padalhan mo ako ng isa, at gayon din ng iyong munting aklat, *Ang Mesias*. Kung padadalhan mo rin ako ng iba pang mga aklat na makakatulong na lalo kong makilala ang Diyos, ay papasalamat ko iyon. Dumadalo ako ngayon sa Pentecostal na simbahan sa Koforidua. Masagana ka nawang pagpalain ng Panginoong Diyos dahil sa mga kabutihang iyong ginagawa. Matapat na sumasaiyo,

D.F.

Kaforidua, Ghana

Lahat ng mga liham sa babasahing ito ay ang mga huling natanggap mula 2003 to 2005.

MGA TUYONG KALANSAY

(Mula sa pahina 1)

ngayon, sila ay hiwalay pa rin sa Diyos. Dahil sa patuloy na pagkakasala ng Israel, sinabi ng Diyos kay Ezekiel na Siya ay maghihirang ng isa pang bansa na mas higit pang dakila kaysa sa unang Israel. Ang pangalawang Israel ay mga tao mula sa bawat bansa sa buong mundo,⁵ isang maliit na bilang ng mga Hudyo at malaking bilang na mga hindi-Hudyo (Hentiles) na nakipag-isang lahat kay Jesucristo, na “Siyang Tunay na Puno ng Ubas”.⁶ Ito ay magiging isang magiting at banal na bansa ng mga taong nabuhay na mag-uli mula sa espirituwal na kamatayan dahil sa pagkakasala, tungo sa buhay na walang hanggan.⁷ Kailanman ay hindi sila mahihiwalay at sasalongat laban sa Diyos. Ito ang ating espirituwal na pagkabuhay na mag-uli (unang pagkabuhay na muli) sa pamamagitan ng kapangyarihang nagmumula kay Jesus.⁸

5. Gen. 17:4-16, 22:18, 26:4, 46:3, 48:19, 49:10, Ex. 19:6, 32:10, 1 Ped. 2:9-10, Jn. 11:51-52, Gawa 10:34-35, Ef. 1:10, Pah. 5:9, 14:6, Heb. 8:8-12, Awit 22:27, Is. 2:2 at marami pang iba 6. Jn. 15:1, Rom. 11:17, 19, 23, 24, Pah. 7:4 7. 1 Ped. 2:9 8. Pah. 20:5-6, Col. 2:12, 3:1, Rom. 15:12, 1 Cor. 15:15, 16, 1 Tes. 4:16

Malawi

(Mula sa pahina 1)

ng inyong mga babasahin. Marami ang nagsisi at nagpabautismo. Lubhang abala ang maliit na tanggapang ito sa mga mag-aaral at mga tao mula sa iba't-ibang mga simbahan. Dumarating sila upang magtanong at pagkaraan ay nagsisisi mula sa kanilang mga kasalanan, kaya pakiusap, Tony, padalhan mo pa ako ng maraming iba't ibang mga babasahin. Padalhan mo ako ng mga pahayagan at marami sa mga aklat mong may pamagat na, *Ang Mesias*. Libong mga tao ang dumarating na para bang binibigyan ko sila ng maraming pera, subalit ito ay ang Salita ng Diyos. Abala ako sa pagbabautismo ng mga tao sa ilog. Padalhan mo ako ng Bibliya para mga taong nagsisi sa kanilang mga kasalanan. Kung maaari, tulungan mo ako sa halagang \$100 upang ibili ng mga upuan. Pumunta ako sa Zambia at nangaral tungkol sa iyong mga babasahin at tinanggap ng mga tao si Jesus at nabautismuhan sila sa ilog na tinatawag na Wemba. Ang inyong babasahin ay parang lambat na panghuli ng isda. Maraming pagpapala mula sa Diyos ang sumaiyo at sa mga taong abala na naglilingkod sa iyong gawain.

Pastor N.K.

Rumphi, Malawi

Noong taong 1964, bago maganap ang aking espirituwal na pagkabuhay na mag-uli sa pamamagitan ng pagtanggap ko kay Jesus bilang Tagapagligtas, ako, Bernie Hoffman, kilala rin sa pangalang Tony Alamo, ay kilala sa pagiging makasalanan. Ako ay walang nalalaman tungkol sa Diyos, ni hindi ko alam na mayroong Diyos. Para sa akin, ang mga salita ng Diyos sa Bibliya ay pabula at kathang-isip lamang. Kung kaya't ang maniwala sa Diyos o sa kanyang Bugtong na Anak ay napakahirap kong unawain. Hindi ko mapaniwalaan ang mga taong nagsabi na sila ay naniniwala sa Diyos, sapagkat sila ay mga ipokrito. Sila ay tulad ko o mas higit pang makasalanan kaysa akin. Alam ko sapagkat dati ko silang kasa-kasama. Kami ay isang bungkos ng patay at tuyong kalansay. Nagagalit ako tuwing mayroong susubok na madala ako sa Kristiyanismo, dahil para sa akin ang pagbabasa ng Bibliya ay pagsasayang lamang ng aking panahon. Sa uri ng aking buhay, wala akong panahon sa ganitong uri ng laro o magbasa ng isang kuwentong kathang isip lamang.

Sa mundo ng Kalakalan at Promosyon, ako ay itinuring na pinakamagaling. Ako ang naging daan tungo sa tagumpay ng maraming bantog na mang-aawit at artista. Ako rin ang nasa likod ng matagumpay na promosyon ng ilang kilalang produktong pantahanan. Noong panahong iyon, ang aking pinakamasamang bangungot ay ang maging Kristiyano na kung saan, ako ay mamimigay sa daan ng mga babasahin tungkol kay Jesus, mamumuhay sa mahihirap na lugar kung saan may gawaing pang misyon, magtuturo ng ebanghelyo, at tutulong sa pagpapakain ng mga nagugutom na tao.

Noong kalagitnaan ng dekada sisenta hindi maganda ang takbo ng mundo. Hindi ko gusto ang mga ipinagbabawal na gamot o mga taong marumi sa pangangatawan at pamumuhay. Galit rin ako sa mga ginawa ng mga hippie sa Hollywood, Sunset Boulevard, at sa buong mundo. Kung ako ang tatanungin, hindi rin naman ako banal. Wala akong pakialam kung anong kasalanan ang ginagawa ng mga tao, ang mahalaga ay hindi nila iyon ipinakikita

California

Mahal na Pastor Alamo,

Isinusulat ko ang liham na ito sa pamamagitan ng gabay ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at suot ang espirituwal na baluting pang-digmaan, ang Sandata ng Diyos (Efeso 6:10-17). Kamakailan lamang, sa pamamagitan ng paglagong espirituwal at pakikisama sa isang kapatid sa hukbo ng Diyos, ilang mga katotohanan at lihim ng Bibliya ang naihayag sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Alam ko na inihahanda na Diyos ang Kaniyang mga pinili at nakabasa ako ng isang pahina sa iyong lathalain. Dapat kong sabihin na ipinadala ng Diyos ang babasahin sa akin sa isang mahalagang oras kung kailan ko kinakailangan na malaman ang ilang katotohanan. Humahanga ako sa iyong mga ministeryo. Isa kang lantad na katotohanan, hindi binalutan ng pampatamis, na sinasabi sa akin ang lahat ng malalasang aspeto ng hula. Idagdag mo ako bilang miyembro at isama sa iyong talaan ng mga palagiang pinapadalhan ng mga babasahin, upang ako ay lumago sa Banal na Espiritu, taglay ang tabak ng Diyos ng katotohanan. Nakabilanggo ako sa piitan ng estado, kaya kung maaari ay huwag mo akong padalhan ng mga aklat na may matitigas na pabalat. Wala akong kakayanan na magbigay ng pera bilang donasyon, subalit ang mga panalangin ko ay lumago ang iyong makapag-yarihang gawain at lumaganap sa buong mundo.

Tapat na sumasaiyo,

B.L.

Corcoran, California

sa mga bata. Para sa akin, ang mundo ay mistulang tapos na, patay, tuyo, nakakainis at balot ng lungkot.⁹ Ang lahat ay sadyang wala nang halaga. Naniniwala akong alam din ng ibang mga tao sa mundo ang malagim na katotohanang ito, at gumamit sila ng ipinagbabawal na gamot upang takasan ito. Ang simbahan ay nagkukunwari lamang at waring batid ng lahat ang bagay na ito. Ang buong mundo ay patay dahil sa kanyang pagsuway at mga kasalanan.¹⁰ Ang mundo ay isang malaking lambak ng mga tuyong kalansay, gaya ng nakita ni Ezekiel.¹¹

Nakilala ko si Jesus sa isang tanggapan sa Beverly Hills sa isang pambihirang paraan. Walang sino mang maaaring makapagpaliwanag kung paano ako natakot ngunit labis namang natuwa noong ipinakita sa akin ng Diyos na Siya at ang Kanyang Bugtong na Anak ay totoong buhay. Labis akong nagalak na maranasan ang Kaniyang kahanga-hangang Banal na Espiritu at marinig na ang Kaniyang makapangyarihang tinig ay tumagos sa bawat bahagi ng aking

9. Mat. 13:39, kap. 24, 1 Cor. 15:24, Heb. 9:26, 1 Ped. 4:7 10. Ef. 2:1, 5, Col. 2:13 11. Ezek. 37:1



Makikita rito si M.C., isang katulong na ministro ng Kristiyanong Ministeryo ni Tony Alamo, na namamahagi ng pahayagan ni Pastor Alamo—Democratic Republic of the Congo

katawan na animo ay isa akong salaan kung saan pabalik-balik na tumagos ang Kanyang mga salita. Ang Kaniyang presensya sa tanggapang iyon ay puno ng kaluwalhatian at nagbibigay sigla. Ang Kanyang Espiritu ay mariing dumampi sa aking katawan tulad ng mahigpit na pisil ng kamay ng Diyos. Ang Kaniyang mga salita ay nag-utos sa aking “Tumayo at sabihin sa mga taong narito sa silid ang tungkol sa Panginoong Jesucristo, na Siya ay babalik muli, kung hindi ikaw ay mamamatay.” Noong dumating ang Banal na Espiritu sa tanggapang iyon at mariing dumapi sa akin ang Kanyang Espiritu, nagkaroon ako ng kamalayan sa Kaniyang kahanga-hangang talino.¹² Siya ang lahat ng bagay. Siya ang hangin. Alam Niya ang lahat ng nakaraan at ang hinaharap.¹³ Napahiya ako sapagkat alam ko na alam Niya ang lahat ng mga ginawa ko. Pagkatapos ay ipinakita

12. 1 Sam. 2:3, Blg. 24:16, 1 Cor. 1:25, 2:16, 3:19, Awit 32:8, Job 21:22, Kaw. 2:6, 3:20, 9:10, Luc. 1:77, Rom. 11:33, 2 Cor. 4:6
13. Awit 44:21, 1 Jn. 3:20, 1 Cor. 3:20, Awit 94:11, Isa. 46:9-10, Pah. 21:6, 22:13



ALAMO MINISTRIES WEBSITE
www.alamoministries.com

Niya sa akin na totoong may langit at impiyerno. Alam ko kung saan ako patungo kung hindi ko susundin ang nais Niyang gawin ko...at hindi iyon patungo sa langit.

Bagama't nakakatakot para sa akin,¹⁴ kahanga-hanga ring malaman na ang Diyos ay totoo at buhay, pati na rin ang lahat ng sinabi ng mga propeta at mga apostol ukol sa Kaniya. Wala Siyang ipinagbago mula sa panahong nilikha Niya ang langit, ang lupa at lahat ng naroroon.¹⁵ Batid ko agad na palagi ko Siyang katatakutan, hahangaan, igagalang, mamahalin at pagsisilbihan. Alam ko na mas pipiliin kong mabuhay, mapahirapan, at mamatay para sa Kaniya, at gawin ang lahat ng ito ng may kagalakan.¹⁶

Matapos akong palayain ng Diyos sa tanggapang iyon, nagsimula akong magtanong, “Ano ang gusto Mong gawin ko? Gagawin ko ang bawat sabihin Mo.” Wala akong natanggap na kasagutan, kaya naisip kong gusto Niya akong pumunta sa simbahan. Naisip ko na habang mas malaki ang simbahan, mas magaling; kaya pumunta ako sa malaking simbahan, ngunit hindi ko Siya natagpuan. Pagkatapos ay pumunta ako sa iba pang simbahan, pero wala rin Siya doon. Pagkatapos ay nagbasa ako ng mga libro na may larawan ng mga taong mukhang matalino at maka-Diyos, na may mahahabang balbas at relihiyosong kasuotan, ngunit alam

14. 2 Cor. 5:11, Gen. 35:5, Jer. 32:21, Job 31:23, Lev. 26:16, Ezek. 32:32 15. Mal. 3:6, Heb. 13:8, Gen. 1:1, Gawa 4:24 16. Awit 5:11, 35:19, Jn. 16:33, Rom. 12:8, 15:13, Gawa 2:28, 20:24, Isa. 51:11, 61:10, 2 Cor. 8:12 17. Gen. 22:12, Awit 112:1, Kaw. 13:13, 14:16, 28:14, 31:30, Mang. 7:18 18. Kaw. 8:36, Ezek. 18:2, 4, Pah. 19:20, 20:10, 14, 15, 21:8 19. Gen. 2:17, 6:7, 9, 13, Ex. 20:5, 34:7, 32:33, Mat. 8:12, 22:13, Pah. 20:15, 2:5, 16, 22-23, 3:3, Mar. 16:16, Ezek. 3:18, 18:20 20. Jn. 4:35-36, 15:5, 8, 15-16, Pah. 14:18

Zambia

Mahal na Pastor Alamo,

Tanggapin mo ang aking masaya at tapat na pagbati sa pangalan ng Panginoong Jesucristo. Pinapasalamatan ko ang Diyos para sa buhay mo at sa paraan na Kaniyang plinanong pinakamainam na paggamit na ibahagi ang Salita upang maabot ang mga sulok ng daigdig upang mailigtas ang maraming buhay. Pastor Alamo, ako po ay isang pagano bago naligtas mula sa masasamang gawain sa pamamagitan ng aking ka-trabaho, at nangmabasa ko ang iyong mensahe sa pahayagan, itinuwid nito ang aking puso at sigurado ako na binabago ng Diyos ang aking buhay. Madali kong nauunawaan na ninanais ng Diyos na ang Kanyang katuwiran ay maisabuhay natin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Pastor Alamo, humihingi po sana ako ng isa o dalawang sipi ng Bibliya sa English para sa akin at sa kaibigan ko upang basahin ang Salita ng Makapangyarihang Diyos. Sumaiyo nawa at sa iyong espiritu ang kapayapaan ng ating Panginoon. Pinapasalamatan kita nang marami sa iyong kabaitan at gayon din ang maalalahaning mga tao na tumutugon sa mga kahilingan.

Maraming salamat.

G.N.

Kitwe, Zambia

kong ang mga librong iyon ay mali dahil sabi nila ang Diyos ay hindi dapat katakutan,¹⁷ na ang Diyos ay hindi nagbabanta sa mga tao, na ang tao ay maaaring gumawa ng kasalanan at hindi mapupunta sa impiyerno.¹⁸ Wala akong pakialam sa ganitong uri ng mga diyos-diyosan; ang malasakit ko ay masumpungan ang Diyos na nagbanta sa aking papatayin ako,¹⁹ ang Diyos na nagpakita sa akin ng langit at impiyerno, na nag-amuki sa akin na ipagsabi sa mga tao ang tungkol kay Jesus, isang bagay na walang sino mang maaaring puwersahin akong gawin, isang bagay na kailan man ay hindi ko ginustong gawin.

Kailan man ay hindi ko naisip na ang katotohanan ay matatagpuan sa Bibliya dahil lubhang maraming Bibliya sa paligid. Sa aking palagay ano mang bagay na pinaniniwalaan ng publiko ay hindi para sa matatalino, sapagkat ang paniwala ko ay karamihan sa mga tao ay walang nalalaman. Sa bandang huli, nag-umpisa akong magbasa ng Bibliya at natagpuan ko dito ang daan tungo sa kaligtasan at buhay na walang hanggan; na nagtuturo kung paano lumago kay Jesus; at, mag-ani ng mga kaluluwa para sa Kaniya.²⁰

(Sundan sa pahina 7)

INDIA

Aming labis na minamahal at pinapahalagahan sa espiritu na kapatid at tagapamuno, Rev. Tony Alamo,

Pagbati at pagpupugay mula sa mga kapatiran sa India dito sa Kristiyanong Ministeryo ni Tony Alamo sa India. Napakasaya ko at buong pagpapasalamat nang mapasakamay ko ang sipi ng Banal na Bibliya at ilan pang ibang babasahin kasama ng *Ang Mesias*. Kalakip ng panalangin, ang mga kapatid na Kristiyano at ako ay namamahagi ng tunay na plano ng kaligtasan sa mga nakakaintindi ng English, at sinisikap din na isalin ang kakaibang babasahin sa sarili naming wika para sa mga hindi nakakaintindi ng English na naninirahan sa mga kanayunan. Malaking bilang ng mga tao, mga nagmamaneho ng bus at kotse, mag-aaral ng sa mataas na paaralan, medisina at enhinyero, at mga manggagawa at amo, guro, at lahat ng mga interesadong tumatanggap ng lathalain ay napapagpala ng mga babasahin na naghahatid ng tunay na plano ng kaligtasan. Maraming tao ang tumanggap na kay Jesucristo bilang sariling Tagapagligtas sa papamagitan ng inyong



Ipinamahagi ni Bro. T.R. ang mga makapangyarihang aklat sa pang-aakit ng kaluluwa ni Pastor Alamo, Ang Mesias—Rajahmundry, India

babasahin dito sa aming lungsod. Pakiusap na isama ang aming gawain sa inyong mahahalagang panalangin. Gumagalang na lingkod ninyo sa gawain ng Panginoon.

Tapat na sumasainyo,

Pastor N.T.

Rampachodavaram
Mandal, India

nang Siya ay namatay sa krus...“Na Siya ring nagdala ng ating mga kasalanan sa Kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy” (1 Pedro 2:24).

(10) Ang Mesias ay matahimik at KUSANG LOOB na magdurusa, Isaias 53:7:

“Siya’y napighati, gayon man nang siya’y dinalamhati ay hindi nagbuka ng kaniyang bibig; gaya ng kordero na dinadala sa patayan, at gaya ng tupa sa harap ng manggugupit sa kaniya ay pipi, gayon ma’y hindi niya binuka ang kaniyang bibig.”

Ang ibang nagdurusa ay karaniwang nagrereklamo, lalo na kung nagdurusa sila dahil sa di-makatarungan angtrato sa kanila—subalit hindi ganoon ang nagdurusang Mesias. Kusang loob Siyang nagpailalim sa itinakdang gawaing “dalhin ang bigat ng ating mga kasalanan” at pumasok sa katayan bilang isang maamong tupa. Sa isang dakila at magaan sa loob na katahimikan ang Mesias ay magdurusa nang sagaran, sapagkat niloob ito ng Diyos. At dito ay pinagmamasdan natin ang isang di-maarak na himala ng isang walang hangganang pagmamahal.

Sa Bagong Tipan, nang si Jesus na siyang Cristo ay sinakatan, pinagbintangan ng di-totoo, minaltrato, inalimura, dinuraan, pinag-usig, binugbog, sinugatan at ipinako sa krus, walang anumang siklab ng sama ng loob, walang pagganti laban sa mga nagpahirap sa Kanya, walang maingay na reklamo, bagkus isang panalangin ang Kanyang inusal.

Pagkaraan ng maraming bulaang saksi ang tumestigo laban sa Kanya, ay sinabihan

ANG MESIAS

(Mula sa pahina 1)

dahil sa ATING kasamaan, ang kaparusahan ng tungkol sa ATING kapayapaan ay nasa KANIYA; at sa pamamagitan ng KANIYANG mga latay at nagsigaling TAYO...Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay dinala SIYA...dahil sa pagsalangsang ng AKING BAYAN ay nasaktan Siya...pagkat iyong gagawin ang Kaniyang kaluluwa na pinakahandog dahil sa kasalanan” (Isaias 53:10) “dadalhin Niya ang KANILANG kasamaan...gayon ma’y dinala Niya ang kasalanan ng marami.”¹

Ang pinakatampok na katotohanan sa kabanatang ito ay ang **ipinampalit, ipinanghaliling mga pagpapakasakit ng Mesias**. Ang kahangahangang kabanatang ito ay naglalaman lamang ng labingdalawang

¹ Ang banal na may akda ay ginagawang napaka-imposible para anumang karunungan o kaalaman ng tao ay burahin ang aral o doktrina ng ipinampalit na pagpapakasakit mula sa mga talatang ito. Ito ay ginagawa Niya sa pamamagitan ng madalas na pagpapahayag tungkol dito at sa mga napakaraming kaparaanan subalit nanatili pa ring gayon. Sinumang waring magtagumpay sa isang banda ay mapipilitang haraping muli ito sa ibang pagkakataon.

mga talata, subalit labing-apat na ulit na ipinahayag ang doktrina ng ipinampalit na pagpapakasakit para sa kabuuan ng sangkatauhan dahil sa kasalanan. Ang buong bahagi (Isaias 52:13–53:12) ay nag-uumapaw ng ganitong kaisipan, at kailanma’y hindi nasagot ang misteryo hanggang ang Panginoong Jesus ay “inaring may sala dahil sa atin” (2 Corinto 5:21) at “namatay dahil sa ating mga kasalanan” (1 Corinto 15:3).

“Ipinasan sa Kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat” (Isaias 53:6). Ang Mesias ay ang banal na Manunubos na siyang sumalo ng lahat ng naglalalagablab na sinag ng kaparusahan na dapat sana’y bumagsak sa sangkatauhan. Gaanong kadakila ang biyaya ng Diyos na nagbunga ng katubusan ng ating kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo sa krus na sana tayo ang dapat naparusahan. Dahil dito, ang krus ay kaagad na naging pinakamatinding kahihayan ni Cristo, subalit ito rin ang Kanyang pinakamataas na kaluwalhatian—at ang itinakdang kaparaanan upang dalhin ang kaligtasan sa mga tao.

Nang dumating ang Panginoong Jesus, tinupad Niya ang mga hula hinggil sa nakatutubos na kamatayan ng Mesias



Tumatanggapp si Pastor Mike Omoasegun kasama ang ilang miyembro ng kanyang kongregasyon ng mga babasahin na magdadala ng mga tao sa kaligtasan na isinulat ni Pastor Alamo, at mga sipi ng Biblia (King James) mula sa Kristiyanong Ministeryo ni Tony Alamo—Suleja, Nigeria

Ghana

Mahal na Pastor Tony,

Salamat sa ipinadala mong aklat na may pamagat, *Ang Mesias*, kalakip ang sampung pahayagan. Ang mga babasahin ay nagdala sa buhay ko ng espiritwal na kamalayan at panibagong kasiglahan para sa gawain ng Diyos. Ipinamahagi ko ang ilang pahayagan sa mga kaibigan kong Kristiyano na nanlamig sa kanilang pananampalataya, at nang bisitahan ko sila, lahat sila ay nagpahayag ng dakilang kasiyahan, habang sila rin ay muling sumigla sa Espiritu at nasa maayos na kalagayan bunga ng pagbabasa nila ng iyong pahayagan. Sabik ang mga taong ito para sa mga babasahin, kaya kung maaari ay padalhan mo ako ng 150 kopya at ilang Biblia para sa mga bagong mananampalataya na labis na nangangailangan nito. Labis akong magpapasalamat sa ipadadala mo sa akin. Salamat sa mayaman mong pagtuturo ng Salita ng Diyos na matapat mong ibinabahagi. Nawa'y patuloy kang pagpalain ng Makapangyarihang Diyos. Nakapagpapalipat ng bundok ang pananampalataya.

Ang iyong anak na babae kay Cristo,
T.O. Kumasi, Ghana

Siya ng Punong Saserdote, “Walang kang isinasagot na anuman?...Datapuwa’t hindi umimik si Jesus” (Mateo 26:59-63).

Narito ang panalangin ni Jesus habang nagdurusa Siya sa pagpapahirap sa krus: “Ama, patawarin Mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa” (Lucas 23:34).

Ang kabuuan ng kaganapang ito ay napakapambihira, lubhang salungat sa kalikasan at karanasan ng tao, kung kaya’t hindi mapipigilang magulantang at magtaka sa parehong kakaibang hula at lalo na sa katuparan ng hulang ito.

(11) Nang Siya ay inilipat mula sa piitan tungo sa husgado, WALANG ABOGADO ang magtatanggol sa Kanya, walang kaibigan na nagsasabi na Siya’y walang sala, Isaias 53:8:

“Nang siya’y hulihin, hatulan at dalhin sa dakong patayan, wala mang nangahas na ipagsanggalang, wala man lang dumamay...”

May kaugalian ang Sanhedrin sa “paghatol ng bitay” na tumawag sa sinumang nakakaalam ng anuman na papabor sa akusado upang lumantad at sumaksi. Hindi ito napangyari sa paglilitis kay Jesus na taga-Nazaret, bagkus, ang paglilitis ay minadali at animo’y komedya kung saan tahasang salu-

salungat sa sarili nilang patakaran ang umiral at lahat ng kaganapa’y labag sa panuntunan ng katwiran at katarungan.

Nag-iisa at walang kalaban-laban na humarap si Jesus sa tiwaling pamunuan ng mga Hudyo at sa mga kinatawan ng pinakadakilang kapangyarihan ng Hentil (Emperyong Romano) sa daigdig nang mga panahong iyon. **Walang sinuman ang humarap para sa Kaniya.** Ipinagkanulo Siya ni Hudus; itinanggi ni Pedro na kakilala niya si Jesus; ang mga ibang alagad ay “iniwan Siya

ng lahat...at nagsitakas” (Mateo 26:56). At marami sa mga kababaihan na, sa panahon ng Kaniyang ministeryo, ang naglingkod sa Kaniya, nangakatayong “nagsisipanood buhat sa malayo” nang Siya ay ipako sa krus (Mateo 27:55). Sa panahon na inaakala natin na para sa Kaniya ay pinakadakilang pangangailangan, **WALANG SINUMAN ANG KUMAMPI SA KANYA.** Totoo na sa bandang huli, pagkaraang minanhid na ang bugbog Niyang katawan ng nakapapagod

(Sundan sa pahina 6)

Mexico

Pinapapasalamatan kong Pastor Alamo,

Nakarating ang iyong babasahin kahit sa lugar na kung saan ako naroon, na naglalaman ng nakakaingganyong mga mensahe at patotoo mula sa iba’t ibang bahagi ng mundo. Walang kaduda-duda na makapangyarihan kang ginagamit ng Diyos upang ang Kanyang mensahe ng kaligtasan ay maipaabot sa bawat tao. May pito’t kalahating taon na akong nakapiit dahil sa pagtitinda ng marijuana. Sa loob

ng dalawang taon dito sa loob, ang Diyos ay nagpahayag ng Kanyang sarili sa kalunos-lunos kong katauhan sa isang tunay na pambihirang paraan. Umaasa ako na makakalaya na sa taong ito, at nais kong malaman kung mapapadalhan mo ako ng iyong aklat, *Ang Mesias*, at iba pang mga babasahin na makakatulong na madala ko ang aking mga anak sa Panginoon.

M.A. Monclova, Coah., Mexico

24 oras na linya ng panalangin at impormasyon—(479) 782- 7370

ANG MESIAS

(Mula sa pahina 5)

na mga oras ng pagdurusa, si Maria na Kanyang ina, ilang matatapat na kababaihan, at si Juan na Kanyang minamahal na alagad, ay “nangakatayo” sa may paanan ng krus, subalit sa panahon ng Kanyang paglilitis at sa oras na pinasimulan Siyang ipako, naiwanan Siyang nag-iisa—tahasang napag-iwanan Siyang nag-iisa. Ni hindi pa nangyari sa buong kasaysayan ng daigdig na ang isang nilalang ay tahasang itinakwil ng kanyang mga kaibigan at mga mahal sa buhay gaya nang nangyari kay Jesus.

Dinakip si Jesus, HINDI ng nararapat na may kapangyarihan, kundi dinumog ng mga tao, ang mga dumagsa: “lubhang maraming taong may mga tabak at mga panghampas, mula sa mga pangulong saserdote at sa matatanda sa bayan” (Mateo 26:47). Maging si Jesus ay may nasabi sa kanilang paraan ng pagdakip na di-naaayon sa batas: “Kayo baga’y nangagsilabas na waring laban sa isang tulisan, na may mga tabak at mga panghampas upang dakpin ako? Araw-araw ay nauupo ako sa templo na nagtuturo, at hindi ninyo ako dinakip. Datapuwa’t nangyari ang lahat ng ito upang mangatupad ang mga kasulatan ng mga propeta” (Mateo 26:55-56).

Ipinaharap sa paglilitis ang mga bulaang saksi upang tumestigo laban sa Kanya “upang Siya’y kanilang ipapatay” (Mateo 26:59), at Siya’y nilitis sa dis-oras ng gabi, isang bagay na labag sa umiiral na batas.

Sa hukuman ng mga Romano, nang mabigo si Pilato na makasumpong ng makatwirang dahilan upang ipapako si Jesus sa krus, ay sinabi niya sa mga tao, “Bakit, anong kasamaan ang Kaniyang ginawa?” Ang tanging mga tugon ay ang wala sa

Tanzania

Mahal na Pastor Alamo,

Sa aking pinakamamahal na ipinagkaloob ng Diyos na Pastor, sumaiyo nawa at sa inyong gawain ang biyaya, kahabagan at kapayapaan mula sa Ama at kay Cristo Jesus na ating Panginoon. Nagpapasalamat ako sa Diyos na aking pinaglilingkuran simula pa noong 1994. Ako ay isang ebanghelista mula sa Musoma, Tanzania. Pinagsisikapan kong palawakin ang aking ministeryo sa loob at labas ng bansa. Pastor, hindi ko pa naririnig ang iyong tinig ni ang iyong pangangaral at hindi ko pa nasisilayan ang iyong mukha, subalit sa pamamagitan ng iyong mga babasahin na aking natatanggap at kawili-wiling binabasang mensahe, tulad ng *Mga Tuyong Kalansay*, *Ang Mesias* at *Ang Bukid ng Diyos*, na isinulat mo, Pastor Tony Alamo, ikaw ang pinakadakilang pandaigdig na tagapagsalita. Sa pamamagitan ng mga babasahing ito, napag-alaman at naunawaan ko ang iyong pangkasalukuyan at panghinaharap na malasakit sa iglesia, ang katawan ni Cristo. Ako at ang aking

mga kamanggagawa sa Panginoon at ang mga bagong mananampalataya, na tinanggap si Cristo sa pamamagitan ng iyong mga babasahin, ay nakabuo ng isang kalipunan na tinatawag naming, Believer Community Church (B.C.C.). Nais naming palawakin ang iyong ministeryo sa Silangang Africa, lalo na sa Tanzania, at palawakin at abutin pa ang mga malalayong kanayunan. Kailangan namin ang tulong mo, Pastor. Kung mapapagkalooban mo kami ng mga speaker system, generator, at mga sipi ng Bibliya para sa mga bagong mananampalataya at mga babasahin ng pagtuturo upang makatagpo ang aming pangangailangan sa gawaing ito ng mabuting balita at ebanghelyo para sa mga katutubo. Sa pamamagitan nito, masagana kang pagpapalain ng Diyos. Nawa ay pagpalain ng Panginoon ang iyong ministeryo at itaas ang iyong buhay espirital para sa mabuting gawain. Nagpapasalamat kami at sabik na umaasa sa iyong positibong tugon.

Sumasaiyo kay Cristo,

O.E.M.

Tanzania, Silangang Africa

katwirang mga sigaw ng dagsang tao, sa pambubuyo ng kanilang mga pinuno, “Ipako Siya sa krus...Ipako Siya sa krus!” (Mateo 27:22-23). Pagkaraan nito, nang matanto ni Pilato na wala na siyang magagawa sa gayong uri ng pangangatwiran at walang panalo ang katarungan at baka lalo pang “lumala ang kaguluhan”, kumuha siya ng tubig, naghugas ng kamay sa harap ng karamihan, at ipinasa si Jesus sa kanilang kamay upang Siya’y kanilang maipako sa krus (Mateo 27:22-26). Ito ang pinakamatinding naitalang

pangyayari sa kasaysayan na ang katarungan ay pinaglaruan.

Hindi lamang si Pilato ang nagpatunay ng kawalang kasalanan ng Cristo—“ako’y walang masumpungang kasalanan sa kaniya” (Juan 19:6)—pinagtibay din ito ng mga propeta noon pa may humula na hinggil sa Mesias: “hindi Siya gumawa ng karahasan at wala ring panlilinlang sa Kanyang bibig” (Isaias 53:9).

Ipagpapatuloy sa susunod na pahayagan

Ghana

Minamahal at mabait na Pastor,

Tuwang tuwa ako na pinadalhan mo ako ng iyong mga pahayagan. Isang kahon ng iyong mga babasahin ang natanggap ko noong isang linggo. Mahal na lingkod ng Panginoon, giliw na giliw ang mga tao na basahin ang mga iyon. Ang mga kaibigan namin sa nayon, na madalas naming binabahaginan ng mga pagpapala ng Diyos at kasamang nananalangin, ay gustong gusto na basahin iyon, at ilang kaluluwa na ang napasigla sa pagbabasa ng mga liham mula sa mga mananampalataya sa ibang bansa. Masaya kami at nakikiusap

na idagdag kami sa talaan ng pinapadalhan mo ng mga babasahin tungkol sa Mabuting Balita. Kailangan pa namin ng mga sipi ng Bibliya, ng mga babasahin mo at malugod kaming tatanggap ng mga aral mula sa iyong ministeryo. Idinadalangin ka namin, ang minamahal mong anak na si Sion, at lahat ng kamanggagawa mo sa ministeryo. Masagana ka nawang pagpalain ng Diyos. Ipanalangin mo rin kami. Pinakikilos ng panalangin ang makapangyarihang kamay ng Diyos. Kung walang panalangin, wala tayong lahat patutunguhan. Ipanalangin mo ang aming

mga student volunteers, na humahayo sa malalayong kanayunan at kabundukan para sa gawain ng Panginoon, ipanalangin din sila para sa kanilang katapangan, pananalig at pag-ibig. Maging gabay at tagapanguna mo nawa ang Espiritu ng Panginoon. Patuloy ka nawa Niyang lalong pagpalain nang masagana. Idinadalangin at hinihiling namin sa Diyos na pagkalooban ka ng mahabang buhay, kapayapaan at kasaganaan. Nagmamahal sa iyo ng pagmamahal ni Cristo,

A.S.

Accra, Ghana

MGA TUYONG KALANSAY

(Mula sa pahina 3)

Noong nagsimula akong magbasa ng Bibliya, naramdaman ko ang kapangyarihan ng Diyos na mariing dumampi sa akin gaya rin ng naramdaman ko doon sa tanggapan sa Beverly Hills. Pagkatapos ay ipinakita sa akin ng Diyos ang iba pang pangitain ukol sa langit at impiyerno.²¹ Nagsumamo ako sa Diyos, “Panginoon huwag mo akong dalhin sa impiyerno!” Pagkatapos ay nakita ko ang langit, at naramdaman ang kapayapaan nito.²² Sa pangitain ay nakita ko ang aking sarili na bulag, hubad at maliit na tao (naglalarawan ng aking espirituwal na kalagayan). Sinabi ko sa Diyos na handa kong manatiling bulag, hubad at maliit na tao habang panahon, maramdaman ko lamang ang kapayapaang nagmumula sa langit. Muli kong nakita ang impiyerno at nagsumamong muli sa Diyos para sa Kaniyang awa at kapatawaran. Pagkatapos ay pumasok ang kapangyarihan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo sa aking mortal na katawan.²³ Dahil sa aking pananampalataya

21. Gawa 7:55-56, Luc. 16:22-31, Pah. 4:1-11, 15:1-4, 21:2-5, 10-27, 22:1-5, Isa. 5:14, 14:9, Pah. 14:10-11, 20:10 22. Rom. 5:1, Ef. 2:14, Fil. 4:7, Col. 3:15, 1 Tes. 5:23, 2 Tes. 3:16 23. 2 Cor. 6:16, 1 Ped. 2:5, Lev. 26:11-12, Jn. 14:16, 1 Jn. 3:24

Nigeria

Mahal na Pastor,

Pagbati sa Pangalan ng Panginoong Jesucristo. Siya nawa. Ang mga pahayagan na huli mong ipinadala sa akin ay naipamahagi na, at namamangha ako sa mga pababago na bunga nito sa buhay ng mga tao, at nangako silang paglilingkuran ang Panginoon ng buong puso, at may ilang nangako na susulat sa iyo. Humihiling ako ng 25 sipi ng aklat na may pamagat, *Ang Mesias*, at 150 sipi ng iba't ibang pahayagan, ilang Bibliya, at iba pang mga polyeto upang makatulong sa akin sa pagbabahagi ng ebanghelyo at para sa mga kaibigan ko, kamag-anak at ilan pang interesado na lalong makaalam ng tungkol sa Panginoong Jesucristo. Nakita ko na ang kamay ng Diyos ay gumagalaw sa buhay mo at ministryo at nais kong makaugnay sa gayong pagkilos Niya. Matiyaga akong maghihintay na makarinig at makatanggap mula sa iyo.

Sumasaiyo sa Panginoon,

R.M.

Port Harcourt, Nigeria

kay Jesus at sa Kaniyang dugo na ibinigay para sa akin, at sa aking pananampalataya sa mga salita ng Diyos na aking narinig at sinunod,²⁴ naramdaman ko na ang bawat kasalanang aking nagawa ay napawi mula sa aking kaluluwa.²⁵ Naramdaman kong ako ay malinis at dalisay.²⁶ Isang lubhang kamangha-manghang bagay ang nangyari sa akin, at ito ay ginawa para sa akin ni Jesucristo, “ang Banal ng Israel.”²⁷ Nalubos ang aking kagalakan na matubos mula sa kasalanan at mag-angkin ng ganitong uri ng kapangyarihang pipigil na ako'y magkasalang

muli. Kaya't gusto kong malaman ng buong mundo ang aking naranasan upang ang lahat ay magkaroon ng pagkakataon na makilalarin si Jesus at magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Pagkalipas ng mahigit na tatlumpu't isang taon na akong nasa gawain para kay Jesus, dama ko pa rin ang pagbuhos mula sa langit ng kasiglahang espirituwal sa dati ay mga tuyong buto sa aking katawan tuwing babasahin ko ang Bibliya. Ang mga salita ng Diyos ay nagbigay ng kalakasan sa minsa'y mga tuyo kong buto, at ang salita ng Diyos ang

(Sundan sa pahina 8)

24. Hab. 2:4, Mat. 17:20, Luc. 7:50, Gawa 20:21, 26:18, Rom. 1:17, 3:28, 5:2, 10:17, 11:20, Gal. 2:16, 3:11, Ef. 2:8, 3:17, Heb. 10:38 25. Mar. 14:24, Jn. 6:53, Gawa 20:28, Rom. 3:25, 5:9, Ef. 1:7, 2:13, Col. 1:14, 20, Heb. 9:12, 14, 22, 1 Ped. 1:18-19, Pah. 1:5, 5:9 26. 1 Jn. 1:7, Heb. 10:19-22, Pah. 1:5, 7:14 27. Awit 89:18, Gawa 3:13-14

Mula sa aming 24 oras na linya ng panalangin at impormasyon:

Si D.R. mula sa Mc Allister Library ng Fuller Theological Seminary sa Pasadena, California ay nakipag-ugnayan sa telepono at sinabing habang siya ay naglalakad, may nakita siya sa lupa na dalawang kopya ng pahayagan na isinulat ni Pastor Alamo. Pinulot niya ang mga ito at binasa. Wika niya na naibigan niya ito at humihiling siya na idagdag ang kanyang pangalan sa talaan ng pinadadalhan ng mga sipi. Sinabi niyang nais niyang padalhan natin siya ng bawat sipi ng pahayagan at bawat sipi ng babasahing isinulat ni Pastor Alamo.

Nais niyang magkaroon ng koleksyon ng lahat ng babasahin ni Pastor Alamo upang magamit ng mga magsasaliksik sa kanilang aklatan sa seminaryo, upang ang mga tao ay magkaroon ng pagkakataon na matuto ng tungkol sa Salita ng Diyos at tungkol kay Pastor Alamo. Sabik na sabik siya tungkol dito. Sinabi niyang gusto niyang punuin ang isa sa kanilang lagayan ng aklat ng tanging mga babasahin lamang ni Pastor Alamo ang nakalaman. Sinabi niya na si Pastor Alamo ay nangangaral ng buong katotohanan.

Zambia

Mahal na Pastor Tony Alamo,

Masayang masaya ako na isulat ang liham na ito. Kumusta ka na, Pastor? Umaasa ako nasapamamagitan ng biyaya ng Makapangyarihang Diyos, ikaw ay nasa mabuting kalagayan. Binasa ko ang iyong Pangdaigdig na Pahayagan, *Mga Tagapanguna at Mga Pabula*. Niloob ng Diyos na masumpungan ko ang mga ito sa mahimalang paraan. Pagkaraang mabasa ko ito, lalo akong napagpala, at nagnais na sulatan ka. Pinasasalamatang kita sa kahangahangang mga mesahe na nakaaabot sa mga naliligaw at di ligtas upang si Cristo ay mapasakanilang buhay. Sa pamamagitan ng iyong mga babasahin, maraming mga tao ang naaabot para kay Cristo, at napapakawalan mula sa diyablo. Paglalalain nawa ng Diyos ang iyong espiritu, katawan at kabuhayani.

Pastor, isa po akong hindi gaanong kaedad na babae, ikinasal may limang

taon na ang nakalilipas. Ibinigay ko kay Jesucristo ang aking buhay may dalawang taon na ang nakalilipas, at naging napakabuti sa akin ng Panginoon. Hinahangad kong maipahayag ang tunay na katotohanan ng ebanghelyo ni Jesus sa mga tao. Bilang kababaihan sa Africa, kami ay itinagong nakatanikala sa loob ng ilang daang taon dahil sa tradisyon, kaya dahil dito, malakas ang aking pagnanais na maihandog ang aking sarili sa Panginoon. Pastor, ako po ay humihiling ng mga sipi ng Bibliya, mga aklat, polyeto, mga mensahe ng Diyos sa “casette tapes”, at marami pang mga babasahin na makatutulong sa akin upang humayo at magpatotoo sa mga naliligaw na kaluluwa. Kahulihulihan, nais kong humiling ng mga materyales sa Bible study at mga awitin sa “casette tapes”.

Sumasainyo kay Cristo,

L.M.

Isoka, Zambia

MGA TUYONG KALANSAY

(Mula sa pahina 7)

siyang nagbalot sa mga butong ito ng laman at balat ng pananggalang na espirituwal. Bawat salita ng Diyos ay mas nailalapit si Jesus sa aking puso. Nararamdaman ko pa rin na ang bawat salita ng Diyos ay naglalagay sa Banal na Espiritu ng Kaniyang hininga na bumubuhay sa aking kaluluwa, na nagbibigay sa akin ng kapangyarihang tumayo at pawiin ang lahat ng nag-aapoy na panang inihagis sa akin ng Diyablo sa loob ng mahabang panahon. Bawat araw ay mas alam ko na “tayo ay mapagtagumpay” kay Jesucristo²⁸ at tayo ay “ganap sa Kaniya.”²⁹ Alam ko rin kung gaano kahalaga na sumunod sa bawat salita ni Jesus, na nagsabi bago Siya umakyat sa langit na kasama ng ulap, “Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo sa

28. Rom. 8:37, 1 Jn. 4:3-4 29. Col. 2:10

Ang mga babasahin ni Pastor Alamo at ang aklat na Ang Mesias ay maaaring mabasa sa mas nakakaraming wika.

Ang mga palatuntunang pang-radyo ni Pastor Tony Alamo ay maaaring mapakinggan saanman sa United States, Canada at sa buong mundo. Upang makatanggap ng impormasyon ukol sa himpilan ng Radyo kung saan mapapakinggan si Pastor Alamo sa inyong lugar, magpadala sa amin ng e-mail sa info@alamoministries.com o kaya'y sa fax # 479-782-7406. Subukan din ang website ni Pastor Alamo sa www.alamoministries.com o kaya'y makinig sa kanyang mga mensahe sa wmqm1600.com.

Umani na mga kaluluwa. Maging tagapamahagi ng mga babasahin at tapes ng mabuting balita ng kaligtasan kay Cristo na akda ni Pastor Tony Alamo. Para sa karagdagang impormasyon mag-e-mail sa info@alamoministries.com or kaya'y sa fax # 479-782-7406.

lahat ang Mabuting Balita.”³⁰ (“Magpahayag ka sa bawat tuyong kalansay, doon sa mga patay ang buhay espirituwal upang “marinig nila ang salita ni Yahweh.”³¹) “Ang sino mang naniniwala at nabautismuhan ay maliligtas;

ngunit ang sino mang hindi naniniwala ay parurusahan.”³²

Kung ikaw ay tulad ko ring ayaw maparusahan, bagkus ay nais maligtas, idalangin mo ito sa Diyos:

30. Mar. 16:15, Luc. 14:23 31. Ezek. 37:4, 2 Har. 20:16, Isa. 1:10, Jer. 2:4 32. Mar. 16:16, 2 Tes. 2:12

Panalangin

Aking Panginoon at aking Diyos, mahabag ka sa aking kaluluwang makasalanang. ¹ Naniniwala akong si Jesucristo ay Anak ng buhay na Diyos. ² Naniniwala akong Siya ay namatay sa krus at itinigis ang Kaniyang mahalagang dugo para sa kapatawaran ng aking mga kasalanan. ³ Naniniwala akong si Jesus ay binuhay na muli ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu ⁴ at sa kasalukuyan si Jesus ay nakaluklok sa kanang kamay ng Diyos, pinakikingnan Niya ang pag-amin ko sa aking mga kasalanan at ang panalangin ito. ⁵ Binubuksan ko ang pinto ng aking puso, at iniimbitahan Kitang pumasok sa aking puso, Panginoong Jesus. ⁶ Hugasan mo ang lahat ng aking mga kasalanan sa pamamagitan ng mahalagang dugo na Iyong itinigis para sa akin sa krus ng Kalbaryo. ⁷ Hindi Mo ako itataboy, Panginoong Jesus; patatawarin Mo ang lahat ng aking mga kasalanan at ililigtas ang aking kaluluwa. Alam ko ito sapagkat ito ang sinasabi Mo sa Bibliya, ang Iyong Salita. ⁸ Sinabi Mo na hindi Mo itataboy ang sino man, at kabilang ako sa mga iyon. ⁹ Dahil dito, alam kong narinig Mo ako, at alam kong sinagot Mo ako, at alam ko ring ako ay naligtas. ¹⁰ Pinasasalamat Kita, Panginoong Jesus, sa pagligtas Mo sa aking kaluluwa, at ipakikita ko sa Iyo ang aking pasasalamat sa pamamagitan ng pagsunod sa Iyong utos at pag-iwas sa paggawa ng kasalanan. ¹¹

1 Awit 51:5, Rom. 3:10-12, 23 2 Mat. 26:63-64, 27:54, Luc. 1:30-33, Jn. 9:35-37, Rom. 1:3-4 3 Gawa 4:12, 20:28, Rom. 3:25, 1 Jn. 1:7, Pah. 5:9 4 Awit 16:9-10, Mat. 28:5-7, Mar. 16:9, 12, 14, Jn. 2:19, 21, 10:17-18, 11:25, Gawa 2:24, 3:15, Rom. 8:11, 1 Cor. 15:3-7 5 Luc. 22:69, Gawa 2:25-36, Heb. 10:12-13 6 1 Cor. 3:16, Pah. 3:20 7 Ef. 2:13-22, Heb. 9:22, 13:12, 20:21, 1 Jn. 1:7, Pah. 1:5, 7:14 8 Mat. 26:28, Gawa 2:21, 4:12, Ef. 1:7, Col. 1:14 9 Mat. 21:22, Jn. 6:35, 37-40, Rom. 10:13 10 Heb. 11:6 11 Jn. 5:14, 8:11, Rom. 6:4, 1 Cor. 15:10, Pah. 7:14, 22:14

Natapos mo na ang una sa limang hakbang na kailangan para maligtas. Ang pangalawang hakbang ay ang itanggi mo ang iyong sarili sa mga bagay na nais mong gawin at pagbuhat ng iyong krus araw-araw sa pamamagitan ng paggawa mo ng mga bagay na nais ng Panginoon na gawin mo. Kasama sa mga bagay na itatanggi mo ay ang sariling kagustuhan, sa iyong buhay na makasarili, at ng mundong puno ng kahalayan. Ang lahat ng ito ay kailangang tuluyang mailibing sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus.

Ang pangatlong hakbang ay ang iyong pagkabuhay na mag-uli mula sa maka-satanas na buhay ni Adan (ang karnal na makasalanang likas ng tao) tungo sa walang kasalananang buhay ni Jesus. Ang pang-apat na hakbang ay ang

iyong pag-akyat sa kalagayang mayroon kang kapangyarihang mamuno sa mundo para sa Diyos, at ang pang-limang hakbang ay ang mamuno sa mundo para sa Diyos hanggang sa huli upang madala ang kaharian ng langit sa mundo. Kailangan mong matutunan ang salita ng Diyos, pagkatapos ay ipailalim mo ang iyong sarili at gawin kung ano ang iniuutos ng salita ng Diyos, upang ang simbahan at ang buong mundo ay mapatunayan ang iyong pagpapailalim sa salita ng Diyos, sa Kaniyang utos, at sa kapangyarihang nagmumula sa Kaniya, na nasa sa iyo at sa pamamagitan mo.

Purihin ang Panginoon. Nawa ay gantimpalaan ka nang masagana ng Diyos.

Pastor Tony Alamo

Tony Alamo, World Pastor, Tony Alamo Christian Ministries Worldwide • P.O. Box 6467 • Texarkana, Texas 75505 USA

24 oras na linya ng panalangin at impormasyon: (479) 782-7370 • Fax (479) 782-7406

www.alamoministries.com

Naglalaan ang Kristiyanong Ministeryo ni Tony Alamo ng lugar na matitirahan, kalakip ng lahat ng mga kinakailangan upang mabuhay para sa lahat ng mga tunay na nagnanais maglingkod sa Panginoon nang kanilang buong puso, kaluluwa, pag-iisip at lakas.

May mga pananambahan gabi-gabi na ginaganap tuwing ika-8 ng gabi at tuwing

Linggo sa ganap na ika-3 ng hapon at ika-8 ng gabi sa mga sumusunod na lugar:

Sa Los Angeles: 13136 Sierra Hwy., Canyon Country, California 91390; 4401 Windsor Dr., Fort Smith, Arkansas 72904

May pananambahan din na idinaraos sa Elizabeth, New Jersey, at labin-limang minutong layo sa hilaga ng Texarkana, Arkansas.

Makipag-ugnayan sa telepono para sa mga lugar na ito. MAY INIHAHAING PAGKATAPOS NG BAWAT PANANAMBAHAN.

May libreng sasakyang susundo at maghahatid sa mga lugar ng pananambahan at pabalik sa mga sumusunod na lugar:

5th and Broadway, Los Angeles, California, araw-araw sa ganap na ika-5:30 ng hapon,

mga araw ng Linggo sa ganap na ika-12:30 ng hapon at ika-5:30 ng hapon;

Hollywood Blvd. & Highland Ave., Hollywood, California, araw-araw sa ganap na ika- 6:30 ng hapon,

araw ng Linggo sa ganap na ika-1:30 ng hapon at ika-6:30 ng hapon;

Humiling ng aklat ni Pastor Alamo, *Ang Mesias*, na nagpapakita kay Cristo mula sa paglalantad ng Lumang Tipan sa mahigit

tatlong daan at tatlumpu't tatlong mga hula. Maaari ring humiling ng mga mensahe sa cassette tapes.

ANG BABASAHING ITO AY NAGTATAGLAY NG TOTOONG PLANO NG KALIGTASAN (Gawa 4:12). HUWAG ITONG ITAPON, IPASA ITO SA IBA UPANG BASAHIN.

Inaamuki namin kayong lahat na nasa ibang bansa, na isalin ang babasahing ito sa inyong katutubong wika.

Kung inyo naming ipalalathala ay isama ang sumusunod na copyright at registration.

© Copyright November, 1995 All rights reserved World Pastor Tony Alamo ® Registered November, 1995

Tony Alamo Christian Ministries Worldwide is a Division of Music Square Church, Inc.

Tagalog—Volume 06000—Dry Bones